CLIPPINGS FOR SUNDAY, DECEMBER 31, 2023

A. SEC. FTL Jr. QUOTED

No Stories

B. DA FAMILY

ABANTE TONITE
Yearender: Asukal smuggling, pork barrel scam, intel fund

C. AGRI-RELATED STORY

ABANTE
Yearender report: Price cap sa bigas panggulat ng 2023

D. FOREIGN STORY

No Stories

Abante TONITE
MABILIS SA BALITA

Date: DECEMBER 31, 2023 Page: 3

LIBRARY
DEPT. OF AGRICULTURE

Asukal smuggling, pork barrel scam, intel fund

YEARENDER

Agri usec dinikdik sa asukal

Nakatanggap ng reklamong graft sa Office of the Ombudsman laban kay Department of Agriculture (DA) Senior Undersecretary Domingo Panganiban kaugnay sa ilegal umanong pag-angkat ng asukal noong Pebrero 2023.

Matatandaang dumating ang mga imported na asukal bago pa man lumabas ang kautusan mula sa Sugar Regulatory Administration (SRA) kaya't maituturing umano na smuggling ito.

Inireklamo rin si Panganiban dahil sa umano'y usurpation of official functions.

2 MIAA exec sinuspinde

Pinatawan ng preventive suspension without pay ng Ombudsman sina Manila International Airport Authority (MIAA) Acting General Manager Cesar Chiong at Irene Montalbo, Acting Assistant General Manager for Finance and Administration.

Inireklamo ang dalawang opisyal ng MIAA ng grave abuse of authority dahil sa reassignment ng 285 empleyado ng MIAA at sa pagtalaga kay Montalbo bilang acting assistant general manager sa kabila ng kanyang "unsatisfactory rating".

Ill-gotten wealthcase binasura

Kinatigan ng Korte Suprema ang desisyon ng Sandiganbayan na ibasura ang isa sa ill-gotten wealth case laban kay dating Pangulong Ferdinand E. Marcos at dating Unang Ginang Imelda Marcos.

Samantala, hindi naman kinatigan ng Sandiganbayan ang hiling ng dating unang ginang at anak na si Irene Marcos-Araneta na ibalik ang kanilang mga ari-arian na ilegal umanong kinuha sa kanila dahil sa kakulangan ng merito.

'Pork' scam pa more

Inabsuwelto ng Sandiganbayan First Division si Janet Lim Napoles sa 16 na kasong kriminal kaugnay sa pork barrel scam. Sinabi ng Sandiganbayan na hindi naman napatunayan na nilabag ni Napoles ang Anti-Graft and Corrupt Practices Act.

Subalir kasunod nito ay hinatulan naman ng anti-graft court si Napoles ng hindi bababa sa 78 taon pang pagkabilanggo matapos na mapatunayang guilty sa tatlong kaso ng graft at tatlong kaso ng malversation of public funds kaugnay sa Priority Development Assistance Fund (PDAF), na tinawag din bilang "pork barrel", ni dating Ilocos Sur Rep. Salacnib Baterina.

Iskandalo sa intel fund

Nagsampa ng petisyon sa Korte Suprema na kumukuwestiyon sa confidential fund ng Office of the Vice President (OVP). Kaugnay ito sa P125 milyong confidential fund na ginamit ng tanggapan ni Vice President Sara Duterte noong 2022.

Ayon kay Chief Justice Alexander Gesmundo, kailangan pa nilang himayin ang mga petisyon dahil iba't iba umano ang basehan ng mga apela.

Palit-jeep inakyat sa korte

Dumulog ang mga transport group sa Korte Suprema para harangin ang pagpapatupad ng Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP). Hiniling sa hukuman maglabas ng Temporary Restraining Order subalit hindi ito pinagbigyan sa halip ay hiningan lamang ng komento ang Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) at Department of Transportation (DOTr) ukol sa petisyon ng mga transport group.

(Natalia Antonio)

Abante
UNA SA BALITA

Date: December 31, 2023 Page: 2

LIBRARY
DEPT. OF AGRICULTURE

Yearend report:

Price cap sa bigas panggulat ng 2023

MARAMING bumulaga sa pagnenegosyo ngayong 2023 at 10 rito ang pinaka-tumatak sa mga Pinoy

10. SC sang-ayon na nagmalabis ang BSP sa pagpapasara ng AMA Rural Bank

Marami nang napasarang mga bangko ang Bangko Sentral ng Pilipinas. Bago ang desisyon ng SC nitong 2023 na nagpower trip ang BSP sa pagpapasara ng AMA Rural Bank, isang beses pa lamang ito inutusang muling buksan ang napasara na at ito ang sa kaso ng Banco Filipino nung 1991 nang inutos ng SC na muling ito. Sa kabila ng desisyong naguutos na muling buksan ang AMA Rural Bank, nananatili pa rin itong sarado.

9. Piso mas kalmado

Nagsimula ang taong 2023 na nasa P55 ang palitan ng piso laban sa dolyar. Humina ito nung Hunyo at nalaglag sa P56 at nagbanta pang mag P57 hanggang nung Oktubre. Nang dumadami na ang padalang pera ng mga OFWs, muli humupa ang paghina nito at bumalik na muli sa P55.

8. P5.768 trilyong budget ng pamahalaan

Walang mga mambabatas na nagbubusisi ng budget ng pamahalaan maliban sa iilan kaya mabilis itong pumasa sa kamara. Kung hindi dahil sa Makabayan bloc, hindi mapupuna ang P125 milyon confidential fund ni Vice President Sara Duterte na ginastos lamang sa loob ng 11 araw noong 2023.

7. P14.5 trilyong utang ng pamahalaan

Umabot na sa P14.48 trilyon na ang utang ng pamahalaan. Kung paghahatian ito ng 115 milyong Pinoy, tig P129,913 ang kailangang bunuing pambayad ng bawat isa, matanda man o sanggol. Tiyak na lalaki pa ito dahil parating mas malaki ang ginagastos ng pamahalaan kaysa nakokolekta mula sa mga buwis, taripa at fees and charges.

6. DOF naglalatag ng 8 bagong mga buwis kasama sa online shopping

Naglalatag ang Department of Finance ng 8 bagong mga buwis para madagdagan ang koleksyon ng pamahalaan. Pinakamalaki ang inaasahang makukubra sa excise tax sa sweetened beverages at junk food na magpapamahal sa presyo ng mga ito, susunod ang ids na binuksan lamang ngayong Disyembre.

4. Ang pagbabalik ng mga oligarchs

Nangamba ang mga malalaking negosyante nung panahon ng dating Pangulong Duterte na pinagbantaan pang tatanggalan ng prangkisa. Ngayon, back with a vengeance na ang mga muntik muntikan nang mawalan ng prangkisa.

Abante NEGOSYO

3. Inflation

Nakabubutas bulsa ang bilis ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin o inflation ngayong taon. Umabot pa ito sa 8.7% noong Enero na pinakamataas mula November 2008. Bukod sa mas mahal ang mga pagkain, nagmahal din ang presyo ng mga produktong petrolyo kasunod ng pagtaas ng mga pasahe.

2. Phaseout ng mga traditional jeepney

Kahit pa tawagin itong modernisasyon, phase out ng mga traditional na jeep ang kahahantungan ng PUV Modernization program na panahon pa ni dating Pangulong Duterte sinusulong. Nag-transport strike ang ilang grupo na nanganganib mawalan ng trabaho sa Enero.

1. Price cap sa bigas na P41 at P45

Nagulat ultimo ang mga economic manager ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. nang nagdeklara ito ng price ceiling sa bigas na P41 para sa regular milled rice at P45 para sa well milled rice. Ito ang kaunaunahang pagkakataong nagkaroon ng price cap sa bigas ang bansa simula pa nung administrasyon ng yumaong Pangulong Cory Aquino. **(Eileen Mencias)**